

# Kalusugan at Kaligtasan: ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

## ANG ATING MGA PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN NA KARAPATAN SA TRABAHO:

1. Karapatan na malaman ang tungkol sa mga panganib sa lugar ng trabaho.
2. Karapatan na lumahok sa may kaugnayan sa pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho.
3. Karapatan na tumanggi sa hindi ligtas na trabaho.
4. Karapatan na walang diskriminasyon.

## 1. KARAPATAN NA MALAMAN – ANG TAGAPAG-EMPLEYO AY DAPAT:

- Tiyakin na ikaw ay mayroong kamalayan sa mga nalalaman o mga panganib na kinakaharap.
- Ipaalam sa iyo ang iyong mga karapatan at tungkulin.
- Mabigyan ka ng mga impormasyon, instruksyon, pagsasanay at pangangasiwa.
- Gumawa ng mga kopya ng WCA at OH&S regulations na magagamit kaagad.
- Magpaskil ng mga ulat ng inspeksyon ng WCB at bigyan ang komite ng kopya nito.
- Bigyan ang komite ng impormasyon kaugnay ng:
  - Mga panganib sa lugar ng trabaho.
  - Karanasan ng iba pang mga lugar ng trabaho.
  - Mga kautusan at mga kaparusahan ng WCB.

## 2. KARAPATAN NA LUMAHOK – IKAW AY MAY KARAPATAN:

- Lumahok bilang isang manggagawa sa may kaugnayan sa pangkalusugan at pangkaligtasan sa trabaho.
- Mag-ulat ng mga alalahanin ng OH&S sa iyong superbisor at iyong komite.
- Konsultahin tungkol sa mga isyu ng OH&S tulad ng mga ergonomya at karahasan sa lugar ng trabaho.

## 3. KARAPATAN NA TUMANGGI SA HINDI LIGTAS NA TRABAHO:

- Taliwas sa “magtrabaho muna, magsisi sa bandang huli” na panuntunan ng relasyon sa paggawa.
- Ang “dapat” ay nangangahulugan na ang pagtanggap ay kinakailangan.
- Nagbibigay ng pamamaraan para sa paglutas ng problema.
- Ang komite ng OH&S ay ipapatawag kapag ang isang manggagawa ay hindi kumbinsido pagkatapos ng pagsisiyasat ng superbisor. Ang komite ay magsisiyasat nang maigi, at kung ang manggagawa ay hindi pa rin kumbinsido, ang dalawang panig ay maaaring tumawag ng WCB officer na siyang magsasagawa ng imbestigasyon.

## 4. KARAPATAN NA WALANG DISKRIMINASYON:

Ang walang diskriminasyon ay nangangahulugan na ang isang tagapag-empleyo o unyon ay hindi dapat magbanta o gumawa ng aksyon laban sa iyo para sa:

- Paggamit ng isang karapatan o pagtupad ng tungkulin ayon sa regulasyon ng WCA o OH&S.
- Pagbibigay ng impormasyon ng OH&S sa tagapag-empleyo, mga manggagawa, unyon o sa WCB.

Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa  
BCGEU Direct: 1-888-991-6062